# Ang Mga Awiting Tagalog

Marialita T. Yraola

**Pambungad**

Ang siyamnapung bahagdan (90%) ng mga Pilipino ay may musikang mala-Kanluranin na katatagpuan ng matinding bakas ng relihiyon at simbahan. Bunga ito ng daantaong paghahari ng mga Kastila sa bansang Pilipinas. Sa kabilang dako, ang nalalabing (natitirang) sampung bahagdan (10%) ng mga Pilipino ay mayroon pang mga katutubong musika, yaong masasabing likas (taal, natural) sa kalinangang Timog-Silangang Asya. Ito ay nabilin (naiwan) sa mga naninirahan sa mga ilang, liblib at bulubunduking pook. Ang mga awiting Tagalog na isang bahagi ng musikang Pilipino ang tatalakayin ng sanaysay (essay) na ito. Matatagpuan ang mga awiting Tagalog sa mga lalawigang nakapaligid sa ka-Maynilaan.

Binubuo ang apat na pangkat (grupo) ang mga awiting Tagalog:

1) ang mga awiting kaugnay ng pananampalataya o ng kristiyanong kalendaryo. Nahahati ito sa dalawang uri: a) yaong mga awiting tuwirang ginagamit sa mga pang-relihiyon at pang-simbahang pagkilos at pagdiriwang; b) yaong mga awiting pang-aliw na hinango sa kristiyanong kalendaryo na pinahihintulutang (pinayagang) ganapin, bagama't hindi tuwirang itinataguyod (tinatangkilik; supported) ng simbahan. Sa katagalan ang mga ito'y naging palagiang bahagi ng mga awiting pinagkaugalian (song-tradition) ng mga Tagalog.

nan. Ang pagkakatalakay sa mga awiting Tagalog ay nagbigay ng isang pananaw (paraan; viewpoint) sa paglalarawan at pagpapaliwanag ng kulturang Tagalog. Ito ay makakatulong upang higit na maunawaan ang pamumuhay ng mga taong nabanggit; at para sa mga mang-aawit at manunugtog, magkakaroon sila ng materyales na maaaring gamitin sa paglikha ng bagong musika.

Ang pakikipag-ugnayan sa kanluran na patuloy hanggang sa kasalukuyan ay nagkaroon ng matinding impluwensya sa daigdig ng musika ng mga Tagalog. Datapwa't ang ganitong pangyayari ay hindi dapat tanawing pagtanggap sa kabuuan ng kanluraning kaugalian at paglimot sa sariling musika; kundi isang masusing pag-uugnay ng likas at ng dayuhang kabihasnang lumikha ng bago at kakaibang musika at pangyayaring musikal.

SUMMARY

About ninety percent of the Philippine population practice a music that has been greatly influenced by the West, and traces of this influence can be found strong in music connected with the Christian religion. This is a result of many centuries of Spanish domination in the Philippines. On the other hand, the remaining ten percent of the Filipinos still have indigenous music which can be considered natural to Southeast Asian culture. This was preserved among those who lived in the rural areas. Tagalog music which can be found in provinces surrounding the Greater Manila area as an element of Filipino music is discussed in this paper.

Tagalog songs or music can be grouped into four: songs related with the Christian calendar; songs related with the social gatherings; songs related with occupation; and songs related with the supernatural. Songs related with Christian calendar are divided into two types: first, those songs directly used in religious and church practices and gatherings; and second, the entertainment songs derived from the Christian calendar which are allowed to be sung even if they are not directly sanctioned by the church. Songs related with social gatherings come from the experiences and musical environment which is part of every human being, from his childhood to adulthood and even to his death. Songs related with occupation are sang while earning their livelihood such as farming and fishing. On the other hand, songs related with the supernatural are composed of rituals and ceremonies for curing sickness and devotions accompanied with chants, prayers and musical instruments.

Inspite of the fact that each group of songs is colored by western traditional music, it cannot be denied that there are traces left by the traditional cultures of Southeast Asia.